PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
VOL. 20 NO. 50 FEBRUARY 7 - 13, 2022 10.00

# MGA MALL SA CAVITE, MAAARI NANG MAGBUKAS SA 50% KAPASIDAD

**Pinaluwag ng pamahalaang panlalawigan ng Cavite ngayong Miyerkules ang mga paghihigpit sa operasyon ng mga mall matapos sumailalim sa Alert Level 2.**

Ang mga mall ay pinapayagang magbukas mula 9:00 ng umaga hanggang 10 ng gabi na may 50% indoor capacity sa mga fully vaccinated at maging sa mga menor-de-edad bagaman hindi bakunado, ayon sa Executive Order No. 4 series of 2022.


Samantala, ang mga outdoor venue capacity ay maaaring magbukas ng operasyon hanggang 70% basta't lahat ng kanilang manggagawa ay kumpleto sa bakuna at susunod sa itinakdang health protocols ng IATF.

Ang parehong cap ay ipinapataw para sa mga restaurant, kiosk, commissaries, at mga kainan, sinabi ng order.

Hinihimok rin ang mga mall na unahin ang pagpasok o bigyang prayoridad ang mga frontline workers.

"The above rules shall be without prejudice to the implementation of other measures imposed by mall operators and the Department of Trade and Industry and other relevant government agencies," saad sa nabing EO.






HInimok ni dating House Speaker at Senatorial aspirant Alan Peter Cayetano ang mga kasamahan sa kongreso na ipasa na ang dalawang importanteng panukalang batas na nakabinbin sa House at Senate, ang Bayanihan 3 at Department of Disaster and Resilience.

Ani Cayetano sa isang panayam ay Kung gugustuhin lang Ng Speaker at ng Senate

President at ng Malakanyang ay kaya nitong ipasa agad ang dalawang nabanggit na bills dagdag nito ay political will lang ang kailangan para magawa Ito."Kung gusto ay may paraan, Kung ayaw dami dahilan"; Aniya. alam naman hatin parang basketball din yan, yung last two minutes. Alam natin na pag pinush ng Speaker, ng Senate President at ng Malakanyang ay maipapasa

Yan, saad ng kinatawan ng 1st District ng Taguig at Pateros.



Casting ng huling Pi-girder para sa viaduct ng LRT-1 Cavite Extension Phase 1, isinagawa nitong Sabado, Enero 29.

Sa pagkakataong matapos ito, inaasahang mapapabilis ang biyahe sa pagitan ng Baclaran at Bacoor, Cavite mula sa dating 1 oras at 10 minuto na magiging 25 minuto na lamang.

Dagdag pa rito ang mas pinalawig na kapasidad ng LRT-1 mula 500, 000 hanggang 800, 000 pasahero sa bawat araw.



Ang tanggapan po ni Dating Speaker Alan Peter at Congw. Lani Cayetano at Sen. Pia Cayetano sa pakikipagtulungan sa tanggapan ng inyong lingkod ay naglunsad ng programang "Sari-saring Pag-asa" para sa mga kababayan nating Gentriseño. Namahagi po tayo kasama ang kinatawan ni Speaker Cayetano, Mayor Ony, VM Morit, Kon. Jonas, Kon. Kristine at ABC Pres. Ching sa 62 sari-sari store owners sa iba't-ibang barangay ng ating lungsod ng tulong pangkabuhayan na pandagdag puhunan.




ACCEPTING ADS - 0928-4682788 * E-mail add: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com

## Maling Gawi na Makasasama sa Ngipin

Payo ni Doc Liza Ong

Para hindi masira ang ngipin mo:

1. Marami sa atin ay kinakagat ang yelo ngunit hindi natin alam na sa bawat pagkagat ng yelo ay nagkakaroon ng maliliit na biyak sa enamel ng ipin. Maaaring lumaki ang biyak at ma-fracture ang ipin.

2. Meron tinatawag na Baby Bottle Tooth Decay kung saan pinapadede ng gatas habang tulog ang baby at nagiging dahilan ng pagkabulok ng ngipin. Kapag gising na lang padedehin ang mga bata at sundan ng tubig o sanayin na mag-cup. I-brush na din ang ipin sa unang pagtubo pa lang.

3. Ang pag-inom ng matatamis na inumin tulad ng softdrinks, iced tea at milk tea ay makasisira ng ngipin. Ang softdrinks ay maraming asukal at mataas sa acid. Pwede mag straw kung acidic ang inumin para hindi masira ang enamel ng ipin.

4. Iwasan ang mga gummy candies, jelly beans o caramels dahil dumidikit ito sa ipin.

5. May mga tao na ginagawang pambukas ng plastic at softdrinks ang ngipin o pangputol ng mga bagay. Hindi ito mabuti kasi napipingot ang ipin. Ingatan ang mga ngipin.

6. May ilang tao ang nakagawian ng kagatin ang lapis o ballpen at kuko lalo na pag kinakabahan. Palitan na lang ng sugarless chewing gum kung kailangan may nginunguya.

7. Ang pagkain ng madalas sa buong maghapon ay hindi mabuti dahil nag-iipon ang mga pagkain sa pagitan ng ipin.

8. Ang madalas na pag-inom ng kape ay nakakatuyo ng bibig kaya mas konti ang laway, nagkakaroon ng dry mouth at tooth decay. Dalasan ang pag-inom ng tubig sa maghapon.

9. Ang sigarilyo ay nakakatuyo ng bibig, nagdudulot ng sakit sa gilagid at kanser sa bibig.

10. Ang pagsipilyo ng madiin ay maaaring magpudpod ng enamel at gilagid.

11. Ang pagdede ng daliri o thumb-sucking ng bata ay may epekto sa pagtubo ng ngipin at maaaring maging sungki ang ipin.






# EDITORIAL

## Ga-bundok na medical waste

Sinabi ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) na 1,000 metriko tonelada ng medical waste ang nakokolekta araw-araw. Mula nang manalasa ang pandemia, lalo pang dumami ang medical waste na ngayon ay ga-bundok na ang dami. Napakaraming basura at hindi basta-basta basura sapagkat sa maling pagha-handle puwedeng kumalat ang sakit. Sa Lucena, Quezon, nirereklamo ng mga residente ang medical waste sa isang ospital na hindi nahahakot at nangangamoy na. Ga-bundok na ang dami ng basura na tila pinabayaan ng mga awtoridad.

Sabi ng DENR noong nakaraang Disyembre, meron na silang plano para sa pagtatayo ng COVID waste treatment at storage facilities. Ito raw ang nararapat ngayon na ang bansa ay hinahagupit ng pandemya. Pero kailangan umano nila ng budget para sa pagtatayo nito. Humigit-kumulang na P181.6 milyon ang magagastos para sa binabalak nilang medical o COVID waste facilities. Makikipagtulungan umano sila sa local government units (LGUs) para sa pagtatayo ng COVID facilities sa bawat lungsod at bayan.

Ito ang nararapat gawin ng DENR at dapat pagsikapan para hindi kung saan-saan itinatapon ang medical waste. Dahil maraming iresponsableng laboratoryo at klinika na itinatambak na lamang ang kanilang basu-rang medical, asahan na magpapatuloy ang pagkalat ng sakit. Ang mga pinagsikapan para mahinto ang pagkalat ng virus ay mababalewala dahil sa mga iresponsableng laboratoryo at klinika.

Gaya nang nangyaring pagkahawa sa COVID ng pitong bata na edad 3 hanggang 11 sa Virac, -Catanduanes, makaraang paglaruan ang mga napulot nilang heringilya sa tabing aplaya sa Bgy. Concepcion. Ang mga basurang heringgilya ay itinapon ng isang laboratoryo. Nagpapagaling na ang mga bata. -Humingi naman ng paumanhin ang laboratoryo dahil sa pagtatapon ng mga herinngilya. Dapat parusahan ang may-ari ng laboratoryo dahil sa pagiging iresponsable.

Kailangang kumilos ang DENR at ipursigi ang pagkakaroon ng pasilidad para sa treatment at -storage ng medical waste. Kapag hindi nagkaroon nang tamang pagdadalhan ng mga basurang medical, sa mga ordinaryong basurahan napupunta ang mga ito. Mamumulaklak sa dalampasigan, mga ilog at sapa at kung saan-saan pang lugar. At hindi matatapos ang problema sa pandemya. Bilisan ng DENR ang pagkilos ukol sa medical waste facilities.

***EDITOR'S NOTE:*** All comments and opinions submitted by our contributing writers and herein published shall remain as personal opinion of our column writers. Viewliner shall not be held liable to any legal issues related to any commentaries that may appear herein.


PAHAYAGAN NG Kabitenyo

In God We Trust

ISSN-1656-0558

An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at Unit-D 147 Panapaan IV, P.F. Espiritu IV, Bacoor, Cavite 4102.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com
Email: pahayagancavite@gmail.com
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003

PAPER'Ph MEMBER

**ERNA BALAGTAS ANCHETA**
Publisher

**DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.**
Editor-In-Chief

**DIOSAN MARUAL**
**KCEE NACION**
Marketing & Circulation Manager

**ATTY. EVELYN R. DOMINGUEZ**
Legal Counsel

SUBSCRIPTION RATE : P1,000.00/year
Advertising Rate : P200.00/col. cm.
Legal Rate : P160.00/col. cm.




Bagong Public Market, inaantabayanan nang masimulan at matapos sa Alfonso, Cavite.

“Excited na ba kayong mamalengke sa maganda, malinis, mabango at may malaking parking na palengke?” ayon kay Mayor Randy Salamat.

Ibinahagi ni Mayor Salamat ang nakapaskil na plano ng pagtatayo ng nasabing bagong palengke sa naturang bayan. Aniya, bukod rito ay ongoing na rin ang konstruksyon ng Dialysis Center at Lying Inn o Libreng Paanakan habang natapos na rin ang renovation ng munisipyo sa Alfonso.

“Tulungan nyo po kami na matupad po natin ang ating mga magagandang pangarap sa ating bayan at ng maramdaman talaga natin na 1st class ang ating mahal na bayang Alfonso,” ayon sa alkalde.

Source/Photos: Randy Salamat/

# CAVITE, ITINANGHAL BILANG ‘2021 MOST BUSINESS FRIENDLY PROVINCE’

Ang Lalawigan ng Cavite ay ginawaran bilang 2021 Most Business-Friendly Local Government Unit (MBF LGU – Province Category) sa ginanap na 47th Philippine Business Conference and Expo.

Ang MBF LGU award ay isang pagkilala na ipinagkakaloob ng Pilipinas Chamber of Commerce and Industry (PCCI) taun-taon sa mga local government unit na matagumpay na lumikha ng business-friendly environment, na sa nakalipas na 2 taon ay nagbigay pokus sa mga programa na tumutulong sa mga negosyo na umunlad sa gitna ng mga hamon na dala ng pandemya.




Malugod na tinanggap ni Cavite Governor Jonvic Remulla ang parangal at nagpahayag ng pasasalamat sa PCCI sa ibinigay na komendasyon sa lalawigan. Gayundin, tiniyak niya na mananatili ang sipag at propesyonalismo sa panahon ng kanyang pamumuno.

Source: Cavite Provincial Information Office

Photo: PCCI Most Business-Friendly LGU Awards




# 450 KABABAIHAN, NAKILAHOK SA ‘TULONG PUHUNAN’ NG DASMARIÑAS LGU

Nasa 450 mga kababaihan mula sa iba’t ibang barangay sa lungsod ng Dasmariñas ang nakilahok sa programang Tulong Puhunan ng kanilang lokal na pamahalaan.

Ang mga nakilahok na kababaihan ay nabigyang pagkakataon na sumailalim sa livelihood training tungkol sa paggawa ng dishwashing liquid, food processing, candle making, sewing, at rug making, sa tulong ng Livelihood Office at Dasmariñas Green Ladies.



Batay kay Mayor Jenny Barzaga, ilan rin sa mga naging kabahagi ay mga online seller mula sa lungsod na binigyan ng puhunan ng kanilang LGU.

Source: PIA Cavite, Mayo Jenny Barzaga



Isang simpleng seremonya ang isinagawa ng lokal na pamahalaan ng Kawit at National Historical Commission of the Philippines (NHCP) para sa paggunita ng ika-107 anibersaryo ng kamatayan ni Hen. Baldomero Aguinaldo nitong Pebrero 4, 2022.

Ang dating heneral ay isa sa pinaka mahalagang personalidad noong panahon ng rebolusyon bilang Kalihim ng Digma at lider sa rebolusyonaryong pwersa sa Timog Luzon.

Photos: Kawit Public Information Office

Birthday Package ng mga Senior Citizens sa bayan ng Alfonso upgraded na ngayong taong 2022.

Sa isang Facebook post kamakailan, ibinahagi ni Mayor Randy Salamat ang larawan ng mga makukuhang regalo para sa kaarawan ng mga senior citizen sa kanilang lokalidad.

Aniya, "Mas upgraded po na pa Birthday sa ating mga mahal na Senior Citizens ngayong 2022. Siguraduhin lang po na kayo po ay nagpa member o member ng Senior Citizens sa inyong barangay upang makatanggap po kayo."

Source: Randy Salamat (FB)



# F2F CLASSES, AARANGKADA NA NASA ILALIM NG ALERT LEVEL 2

Inanunsyo ng Department of Education (DepEd) nitong Biyernes, Pebrero 4, 2022, na nakahanda nang sumabak sa implementasyon ng expansion phase ng face-to-face clasees ang 304 pampublikong paaralan sa mga lugar na nasa Alert Level 2.

Sa isinagawang virtual press conference, inihayag ni Education Assistant Secretary Malcolm Garma na tinatayang nasa 6,347 pampublikong paaralan ang sumailalim at nakapasa sa assessment ng ahensya.

Nilinaw naman ni Garma na 304 lamang sa mga paaralan ang inaprubahang magsagawa ng limitadong face-to-face classes dahil ang mga paaralang ito ay nasa mga lugar na nasa ilalim ng Alert




Level 2.

Kabilang dito ang 12 public schools na magmumula sa Rehiyon 2; 106 sa Rehiyon 3; 54 sa Rehiyon 4-A; 9 sa Rehiyon VII at 123 naman sa NCR.


Samantala, muling pinaalala ni Education Secretay Leonor Briones na ang mga mag-aaral na makikilahok sa nasabing in-person classes ay kailangan pa rin ng written consent mula sa magulang.

Dagdag pa nito, tanging mga fully vaccinated na guro at mag-aaral lamang ang maaaring makiisa sa pagbubukas ng f2f classes.






Coffee lovers! ?

How about visiting this aesthetically pleasing cafe in the Coffee Capital of the Philippines?

You'll definitely enjoy a good quality brew paired with any of the their best-selling pastries. ????

--

Cake's Coffee Tea

?? 112 Banay-banay, Amadeo, Cavite

Tatlong farmers cooperatives and associations (FCAs) ang nakatanggap noong ika-3 ng Pebrero ng tig-iisang wing van na nagkakahalaga ng P2-M mula sa Department of Agriculture IV-CALABARZON (DA-4A) sa ilalim ng programang Enhanced KADIWA (E-KADIWA).

Ang mga nakatanggap ng truck ay ang Atimoya Farmers Association, General Trias Dairy Raisers Multi-Purpose Cooperative, at San Luis Farmers Association.




Layunin ng E-KADIWA Program na tugunan ang pangangailangan ng mga magsasaka at mangingisda na mapataas ang kanilang kita sa pamamagitan ng direktang pagdadala ng kanilang mga produkto sa pamilihan kung saan may siguradong mamimili at tugunan din ang pangangailangan ng mga mamimili na makakuha ng pagkaing abot-kaya ang presyo.




"Ang CALABARZON ang pangunahing source ng mga pagkain sa Metro Manila. Dahil diyan ang ganitong programa ay napakahalaga. Pinapalakas nito ang ating kabakas sa sakahan. Nagpapasalamat kami sa tatlong organizations na nandito. Sana patuloy tayong magkaroon ng maganda at matatag na ugnayan," ani DA Assistant Secretary for Operations at DA-4A Regional Executive Director Arnel V. de Mesa.

Sa pamamagitan ng mga naipamahaging truck, magiging mas madali para sa mga FCAs na iangkat ang mga produkto ng mga magsasaka sa kanilang lugar. Malaking kabawasan din ito sa gastusin ng mga magsasaka dahil hindi na nila aalalahanin ang gastusin sa pagbababa ng mga produkto sa merkado dahil libre nilang magagamit ang mga ipinamahaging truck.

"Kami po'y nagpapasalamat sa Kagawaran ng Pagsasaka dahil nakikita namin na tinutulungan talaga nila kaming mga magsasaka. Makaaasa po kayo na iingatan at papaunlarin namin ang binibigay nila," ani Anghel Perez, pangulo ng Atimoya Farmers Association. ####( ?Reina Beatriz P. Peralta; ??: Bogs De Chavez)

## CURFEW, LIQUOR BAN, INALIS NA SA LUNGSOD NG TAGAYTAY

Inalis na ng Pamahalaang Lungsod ng Tagaytay ang curfew hours at liquor ban sa kanilang lungsod matapos na isailalim sa Alert Level 2 ang buong lalawigan ng Cavite nitong Pebrero 1.

Ang nasabing kautusan ay batay sa Executive Order No. 405.

Matatandaang noong Enero ay naghigpit muli ang buong lalawigan ng Cavite matapos na tumaas ang mga kaso ng #COVID19 dahil sa Omicron Variant.

Sa kasalukuyan ay pinapayagan na rin ang mas mahabang operasyon ng mga mall mula alas-9 ng umaga hanggang alas-10 ng gabi, ayon naman sa Executive Order No. 4 na mula sa Office of the Provincial Governor,

Pwede na ring pumasok sa loob ng mga mall at kainan ang mga edad 18 pababa kahit hindi pa bakunado. City Government of Tagaytay (website)



# NCR, CALABARZON, NANANATILI SA 'MODERATE RISK' - OCTA

Ang klasipikasyon ng antas ng panganib para sa sakit na coronavirus (COVID-19) sa Metro Manila, Cavite, Laguna, Quezon, at Rizal (CALABARZON) ay nananatiling nasa 'moderate risk', ayon sa isang OCTA Research fellow noong Huwebes.

Ibinahagi ni Dr. Guido David, miyembro ng OCTA, sa isang post sa Twitter na ang National Capital Region (NCR) at ang buong CALABARZON ay may "negative one-week growth rates" sa #COVID19.

**Risk Levels for NCR, Calabarzon as of February 2, 2022**

NCR, Batangas, Cavite, Laguna, Quezon and Rizal at moderate risk with negative one week growth rates in new Covid-19 cases. As trends continue to improve in NCR and Calabarzon, the public is advised to continue to observe health protocols.

| | Growth | ADAR | $R_t$ | HCUR | Positivity |
|---|---|---|---|---|---|
| NCR | -54% | 17.83 | 0.41 | 36% | 15% |
| Batangas | -51% | 9.56 | 0.62 | 43% | 23% |
| Cavite | -65% | 13.29 | 0.45 | 32% | 17% |
| Laguna | -65% | 13.96 | 0.49 | 39% | 26% |
| Quezon | -55% | 5.30 | 0.68 | 40% | 19% |
| Rizal | -62% | 9.55 | 0.39 | 34% | 18% |

Indicators are based on Covidactnow.org. Data was obtained from DOH.gov.ph

VERY LOW | LOW | MODERATE | HIGH | VERY HIGH | SEVERE

"NCR, Batangas, Cavite, Laguna, Quezon, and Rizal at moderate risk with one week growth rates in new COVID-19 cases. As trends continue to improve in NCR and CALABARZON, the public is advised to continue to observe health protocols," aniya.

Gayunpaman, habang ang rate ng pagdami ng mga bagong kaso ay patuloy na bumababa, ang positivity rate ay nanatiling napakataas sa ilang bahagi ng CALABARZON.

Kabilang sa mga lugar na may "very high" COVID-19 positivity rates ay ang Batangas (23 percent) at Laguna (26 percent), habang Metro Manila (15 percent), Cavite (17 percent), Quezon (19 percent), at Rizal (18 porsyento) ay ikinategorya sa "high" positivity rate sa COVID-19.

## MSWDO BAILEN, NAGBABALA SA MGA NAGPAKILALA BILANG KASAPI NG DSWD NA KUMUKUHA NG PERSONAL NA IMPORMASYON

Sa isang Facebook post, nagbigay babala ang MSWDO ng lokal na pamahalaan ng General Emilio Aguinaldo (Bailen) ukol sa mga indibidwal na nagpapakilala bilang kasapi o representante ng DSWD.

Batay sa pabatid, ang mga naturang indibidwal ay nagpapakilala na mula sa ahensya ng DSWD at humihingi ng kopya ng mga valid ID ng mga Senior Citizen dahil kailangan umano itong palitan upang makakuha ng halagang Php 5,000 hanggang Php 6,000 tulong pinansyal.

Pagbibigay linaw ng ahensya sa kanilang post, "Para po sa kaalaman ng lahat WALA PO KAMING STAFF na umiikot at kinukuha ang impormasyon ng bawat senior, ID at pinapapirma/thumbmark sa isang papel...KUNG SINUMAN po ang



magkakaroon ng pagkakataon na makaharap ang ganung tao na walang malinaw na pagkakakilanlan ay mangyari pong pakireport sa inyong barangay, sa pulis or sa aming tanggapan po agad."

Dagdag pa ng MSWDO, siguraduhing makukuhanan ng litrato ang indibidwal maging ang kanilang ID at maging maingat sa mga nagpapakilala bilang miyembro ng iba't ibang ahensya ng pamahalaan.

Source: Mswdo Bailen (Facebook)
Photo: PearlPay

ARMYNAVY
BURGER + BURRITO

Isa ka rin ba sa miyembro ng #TeamKahoy?

Well, hindi mo na kailangan pumunta sa malayo para bumili ng mga gamit na kakailanganin mo sa "Kahoy themed" house na gusto mo! ????

Support our local and small furniture businesses na deserve makilala!

?? Brgy. Tartaria, Silang, Cavite - The Queen Escape













Serbisyong medikal ang kaloob ng Mobile Health Clinic sa mga residente ng Brgy. San Gabriel, GMA, Cavite nitong nagdaang Martes, Pebrero 1, 2022.

Naisakatuparan ang nasabing programa sa pamamagitan ng patuloy pakikipagtulungan ni Sen. Risa Hontiveros kina Mayor Maricel E. Torres at Silang Vice Mayor Aidel Belamide.

Nagpaabot naman ng pasasalamat ang lokal na pamahalaan kay Hontiveros sa pagbibigay ng suporta at tulong sa mga mamamayan ng GMA.

Source: LGU General Mariano Alvarez (FB)



## PAGPAPATAYO NG VIROLOGY INSTITUTE, VACCINE MANUFACTURINGM, NAKIKITA BILANG PARTE NG NATIONAL SECURITY - NTF

Ang pagkakaroon ng vaccine manufacturing at ang pagtatatag ng sariling virology institute ng bansa ay bahagi ng pambansang seguridad, ayon kay National Task Force (NTF) Against COVID-19 medical adviser Ted Herbosa noong Miyerkules, Pebrero 2.

"So nakita natin na part of national security ang mayroon tayong sariling virology institute at vaccine manufacturing," ani Herbosa sa Laging Handa public briefing.

"Very important talaga na ma-institutionalize ang pagtayo ng isang virology center dahil iyong manpower, mga scientist, iyong mga virologist ay makakatulong hindi lang sa human diseases pati sa plant and animal diseases," saad niya.

Aniya, minsan na ring nagawa ng bansa ang pagbuo ng bakuna ngunit ibinenta ito sa pribadong kumpanya.

"We had vaccine development even in the past. Ang problema ay noong binenta iyon sa private sector, hindi tayo nagtayo ng ating sariling vaccine institute. Nakita natin iyong hirap nitong panahon ng pandemya," pahayag niya.

"During the pandemic itself, nahirapan tayong magsource ng vaccines because the vaccines na prino-produce ng ibang countries ay ginagamit din nila so hindi pa nila ma-ibenta at ma-export sa atin," dagdag pa niya.

Source: PTV News

## PLANTABLE FACE MASK, IBINIDA NG ISANG GRUPO SA BATANGAS


Nakagawa ang isang grupo mula sa Batangas ng eco-friendly na face mask na hindi lamang biodegradable, kundi plantable rin.


Ayon sa Figtree Farms, gawa ito sa papel ng abaca na hinalo sa mga buto gaya ng chili peppers, kamati at talong, na maaari mong itanim pagkatapos mong gamitin.

Ipinagmalaki rin ng grupo na ang kanilang face masks ay handcrafted na nagbbibigay ng kabuhayan sa mga asawa ng magtutubo sa gitna ng pandemya.

"When you throw [your masks] away you, can put it into the earth and in a few days, tadah! You have baby plants growing," ayon sa Figtree Plantable Masks unit head na si Mary Reyes.

?? Figtree Farms





STATEMENT ON THE POSTPONEMENT OF PEDIATRIC (5-11 YEARS OLD) COVID-19 VACCINATION

03 February 2022

Vaccinating children is critical to the country's national vaccination program to ensure they have the added protection they need against COVID-19. The National Vaccination Operations Center (NVOC) of the National Task Force (NTF) Against COVID-19 remains committed to ensure that all Filipinos, including the children, get vaccinated.

The roll out for vaccinating children aged 5-11 years old will be postponed for a few days due to logistical challenges. The FDA-approved Pfizer vaccines will be arriving on the evening of Friday, February 4, 2022. To ensure adequate preparation and distribution of the Pfizer vaccines allocated for children aged 5-11 years old, the COVID-19 vaccination of 5-11 year old will instead begin on 7 February (Monday).

OfficialDOHgov @DOHgovph doh.gov.ph (02) 894-COVID / 1555





Tinanggap ni Mr. Ronald Alidio, Propesor ng Siniloan National High School ang 35 Dekalb Brown Hens o mas kilala sa tawag na free-range chicken upang makatulong sa mga guro at estudyante para sa mas epektibong pag-aaral at pananaliksik patungkol sa produksyon at pag-aalaga ng manok.

Kilala ang Dekalb Brown bilang isa sa mga masisipag mangitlog na lahi ng manok na pinang gagalingan ng mga fertilized egg at pinananiwalaang may mas mataas na nutrient content.

Ang mga naipamahaging manok ay nagmula sa Department of Agriculture Region IV-CALABARZON sa ilalim ng Livestock Program.

####(?: Bogs DeChavez; ?? Marjorie Lalap Sepina DA-QARES)

## 3 SUSPEK SA ILIGAL NA DROGA, ARESTADO SA CAVITE, RIZAL

Tatlong suspek sa iligal na droga ang naaresto nitong Miyerkules kung saan nasamsam ang dalawang ilegal na baril at P95,000 halaga ng "shabu" (crystal meth) sa Bacoor City sa Cavite at bayan ng Binangonan sa lalawigan ng Rizal.

Sa ulat ng Calabarzon Police, kinuwelyuhan ng mga anti-narcotics agent sina Jess Vergel Joaquin at Richard Peña matapos magbenta ang dalawa isang pakete ng shabu sa isang undercover na pulis sa Barangay Molino 4 sa Bacoor.

Sinabi ng mga imbestigador na nakuha sa mga ito ang lima pang sachet ng meth, na nagkakahalaga ng P88,400,



mula sa isang tactical bag na naglalaman rin ng .45-caliber pistol na may kargang pitong bala.

Sa Binangonan, nasakote naman ng pulisya si Jefferson Santuyo sa isa pang buy-bust operation dakong alas-9 ng gabi sa Barangay Darangan.

Nasabat ng mga awtoridad ang dalawang sachet ng meth na nagkakahalaga ng P6,800.

Nadatnan din ng pulisya ang suspek na may bitbit na .45-caliber pistol na kargado ng dalawang bala.

Sa kasalukuyan ay nakakulong ang tatlong suspek at kinasuhan ng paglabag sa Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002, gun laws, at election gun ban.

FamilyMart

# GUHIT NG KAPALARAN

AQUARIUS: (Ene. 20-Peb. 18) Kapag ang mga kabarkada ay palaging pagbibigyan mawawalang saysay ang pagbabago na pinaghahandaan. Gamitin ang karunu-ngan sa pagpapasiya at huwag padikta sa hangad ng iba. Lucky numbers at color for the day ang 19, 27, 39, 44 at lemon yellow.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) Huwag isisi sa kapwa ang mangyayari. Balikan ang mga desisyong ginawa para makita mo ang dahilan. Lucky numbers at color for the day ang 5, 18, 41, 55 at apple green.

ARIES: (Mar. 21-Abr. 19) Mas bibigat ang problema kapag ito ay sinasarili. Walang masama kung lalapit sa pinagkakatiwalaan at mag-open. Lucky numbers at color for the day ang 7, 11, 32, 44 at baby pink.

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) Ang tiwala ay mahalaga. Bayaran ang utang para manatili ang tiwala ng kapwa. Gawin ang tama. Lucky numbers at color for the day ang 5, 19, 27, 35 at powder blue.

GEMINI: (May.21-Hun. 21) Ikaw ang magsisimula ng biro at mahahawa ang marami sa katuwaan. Pero lilitaw ang pikon, kaya kalma lang. Lucky numbers at color for the day ang 3, 19, 29, 38 at mint green.

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) Mabebenta ang mga style accessories mo. Marami ang gagaya sa'yo. I-apply mo ito sa negosyo, kikita ka. Lucky numbers at color for the day ang 5, 11, 31, 35 at mandarin red.

LEO: (Hul. 23-Ago. 22) Hindi normal ang iyong pagseselos sa karelasyon. Kung hindi aa-yusin, posibleng mauwi sa hiwalayan. Lucky numbers at color for the day ang 11, 19, 25, 41 at butter yellow.

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) Kapag paulit-ulit ang kabiguan sa pag-ibig, don't panic. Try lang nang try, makikita mo ang iyong true love. Lucky numbers at color for the day ang 19, 25, 11, 41 at tangerine.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) Aakit ng biyaya kapag binago ang negative attitude. Hayaan na kusang mawala ang ningas ng apoy. Lucky numbers at color for the day ang 7, 17, 21, 39 at gold.

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) Ang taglay na pagkamapanuri ang maglalayo sa mga mapagsamantala. Ibayong disiplina ang pairalin. Lucky numbers at color for the day ang 2, 7, 33, 44 at indigo.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Huwag sayangin ang panahon sa usapin ng tsismis. Matulog na lang, pakikinabangan pa ng iyong katawan. Lucky numbers at color for the day ang 5, 25, 35, 44 at lavender.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) Mas malalantad ka sa maraming oportunidad na magdadala pagkakataon na maia-ngat ang buhay. Lucky numbers at color for the day ang 21, 27, 35, 45 at dark brown.

# PAFES BATANGAS, SUPORTADO NG DA-4A SA PAGPAPATUPAD NG MGA PROYEKTONG AGRIKULTURAL

Ibinida ng Department of Agriculture IV-CALABARZON (DA-4A) sa isinagawang assessment at pagpaplano kaugnay ng Province-led Agriculture and Fishery Extension System (PAFES) noong ika-27 ng Enero ang matagumpay na implementasyon nito sa pilot province sa rehiyon na Batangas.

Ang PAFES na binuo noong nakaraang taon ay may layuning maimplementa ang Collaborative Agri-fishery Extension Program (CPAFEP) o iyong mga isasagawang pang-agrikulturang programa at proyekto na katuwang ang local government unit (LGU), state universities and colleges (SUCs), at civil society organizations (CSO) ng DA-4A sa pagsasagawa ng mga proyekto at programang pang-agrikultura.

"Ang PAFES ang platform upang masigurong mai-incorporate ng LGU ang mga plano. The role of the Department is to stir. The role of the LGU is to roll," paliwanag ni DA Assistant Secretary for Operations at DA-4A Regional Executive Director Arnel V. de Mesa.

Kaugnay ng pagkakatatag ng PAFES sa Batangas, bumuo noong nakaraang taon ang DA-4A ng technical working group (TWG) na tututok sa mga proyektong kabilang sa




CPAFEP. Kabilang sa TWG ay ang office of the provincial agriculturist (OPA) at provincial veterinary office (ProVet) ng Batangas, Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON, DA Bureau of Agricultural Research (BAR), Philippine Rural Development Project (PRDP) CALABARZON, at ang Batangas State University (BatSU).

Naghanda rin noong nakaraang taon ang mga kabilang sa TWG para sa implementasyon ng mga proyektong kabilang sa CPAFEP. Sumailalim sila sa iba't ibang orientasyon, pagsasanay, worksops, at seminars. Nakipag-ugnayan din sila sa mga stakeholders na magiging katuwang sa mga proyekto, at pinag-usapan at pinagkasunduan ang appraisal sa mga proyekto.

Ang pagtatayo ng Meat Establishment Complex sa Ibaan at sa Batangas Port at Meat Academy sa Lipa na sisimulan ngayong taon ang pinakamalaking proyekto ng PAFES.

Ang ilan pa sa mga proyektong pang-agrikultura na isasagawa ay ang: pamamahagi ng mga binhi at kagamitan sa pagtatanim at pangingisda; pagsasagawa ng mga programa sa plant propagation, crop diversification, crop protection, at bangus, oyster, maliputo, and mud crab production; pagbibigay ng soil fertility management services; at pagtatayo ng learning sites.

Magpapatuloy ngayong taon ang pagdaraos ng mga pagsasanay, workshops, at seminars sa mga grupong kasama sa PAFES, maging ang pakikipag-ugnayan sa mga stakeholders. Magtutuloy-tuloy din ang pagbuo ng PAFES sa mga non-pilot provinces sa rehiyon. #### (?: Reina Beatriz P. Peralta)

# SIM CARD REGISTRATION BILL, NARATIPIKAHAN NA

Naratipikahan na ng Senado ang bicameral committee report ng mga panukala kaugnay sa pagpaparehistro ng mga subscriber identity modulde (SIM) cards nitong nagdaang Miyerkules, Pebrero 2, 2022.

Kabilang sa mga napagkasunduan sa bicameral panel ay ang pagmandato sa lahat ng public telecommunications entities (PTEs) ang pagpaparehistro sa mga SIM cards bago ito ibenta at magamit ng mga subscribers.

Kaugnay nito, patuloy ang paghahanda na ang iba't ibang TELCOS sa implementasyon ng nasabing panukala kapag tuluyan na itong naisabatas.

"We welcome this development from Congress. We have always maintained our stance that the SIM card registration bill will help quash the proliferation of fraudulent spam messages, smishing cases and fraud, and will boost telecom security efforts to keep subscribers safe," pahayag ni Smart Communication Vice President for Regulatory



Affairs Roy Ibay.

"It will also spur e-commerce adoption and growth," dagdag pa nito.

"We are looking forward to threshing out critical issues surrounding its implementation, including addressing challenges on the timetable for registration of tens of millions of SIM cards currently in use." ayon naman sa pamunuan ng Globe.

Sa isang virtual press conference, sinabi naman ni DITO Telecommunity chief technology officer Rodolfo Santiago na kinonsidera na nila ang mandatory sim registration noong unang inilatag ang kanilang IT plan.

"We will have no major challenge in terms of implementing whatever the objective of the law. Basically, we will just await it to be passed," ani Santiago.

Source/Photo: GMA News





Distribution of Interventions to Farmers Associations. Thank you very much Department of Agriculture Region IV-A for supporting our local farmers!

The Local Government Unit through the leadership of Municipal Mayor Atty. Fredderick A. Vida also awarded 2 bags of Organic Fertilizers to active members of Farmers Assocations.

Maraming Salamat po sa lahat ng Farmers Associations na nakiisa!

## BENEFITS GRANTED MEDICAL FRONTLINERS IN APPROVED BILL INADEQUATE - BAYAN MUNA

The approved bill granting mandatory continuing benefits to public, private and barangay health and non-health workers while the COVID-19 pandemic continues to threaten public health remains inadequate for medical frontliners who put lives in jeopardy to help the sick."

Deputy Minority Leader and Bayan Muna Rep. Carlos Isagani Zarate aired misgivings about the ratified bicameral committee report of the Senate and Lower House versions of the bill that does not include "several rightful demands" of the health sector.

The two legislative chambers ratified the bicameral committee report before suspending sessions for the long election break. The reconciled bill was expected to be sent to Malacanang for President Duterte's signature.

"This will now institutionalize additional benefits to our health care and non-health care workers, both in the public and private institutions, in this time of pandemic and other health emergencies," Zarate said.

However, the opposition stalwart criticized the non-inclusion of active hazard duty pay (AHDP), meals, accommodation and transportation (MAT) allowance as among the benefits health workers will get for reporting for duty during the COVID-19 crisis and other future public health emergencies.

"The benefits provided now in the ratified bill are not just be limited to the current Covid pandemic but other health emergencies as



well. Healthworkers, including, baranggay health workers (BHW), will receive these benefits retroactive to July 1, 2021 and without diminution of benefits already being received," noted Zarate.

"Now that it has hurdled Congress, we strongly urge Pres. Duterte for its immediate signing into law so tha our health frontliners can already get their long overdue benefits," he stated.

To be known as the Public Health Emergency Benefits and Allowances for Health Care Workers Act, the reconciled bill Under the bill health emergency allowance shall be distributed to health care and non-health care workers as follows: - P3,000 monthly allowance to those deployed in low risk areas -P6,000 monthly allowance to those deployed in medium risk areas -P9,000 monthly allowance to those deployed in high risk areas.

Aside from the current pandemic, public health emergency, under the bill, refers to an occurrence of imminent threat of an illness or health condition of national scale caused by bioterrorism, novel or previously contolled infectious agent or biological toxin, natural disaster, chemical attack or accidental release, nuclear attack or accident and attack or accidental release of radioactive materials.

Angel's
HAMBURGER
Ang Burger ng Bayan

PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
VOL. 20 NO. 50 FEBRUARY 7 - 13, 2022 10.00

## PAMIMIGAY NG AYUDA, RAFFLE, IPINAGBABAWAL SA SIMULA NG KAMPANYA - COMELEC

Sinabi ng Commission on Elections (Comelec) nitong Huwebes na ang pagbibigay ng pera bilang isang uri ng 'ayuda' o ang pagpapa-raffle ng mga kandidato ay ipinagbabawal kapag nagsimula na ang campaign period para sa botohan.

"That's prohibited, that is vote buying. Can't give anything of value to supporters to encourage them to vote. You might say that is for another reason but none of us are born yesterday. We all know that it's going to be for vote-buying purposes," pahayag ni Comelec spokesperson James Jimenez sa isang virtual press briefing.

Umapela naman si Jimenez sa mga makakasaksi sa naturang ilegal na gawain na magsampa ng reklamo at ituloy ito.

"It's very important. For those who see such things being done, you feel are vote-buying activities, please file a complaint. And please stay with the complaint so we can prosecute to the finish," aniya.

Ang 90-araw na campaign period para sa mga pambansang puwesto tulad ng presidente, bise-presidente, senador, at party-list groups ay magsisimula sa Pebrero 8, habang ang 45-araw na campaign period para sa mga local aspirants ay magsisimula sa Marso 25.

"It goes without saying that you can no longer give money away and say it is for ayuda, you can't walk around with a cash gun and make it rain. You can't do that," dagdag ni Jimenez.

Samantala, aniya, kailangan tanggalin ng mga kandidato ang kanilang mga campaign poster na nasa ilegal na lugar kapag nagsimula na ang campaign period.

"It's not prohibited. But February 8, then that will be problematic. We will inform them ahead of time that they will have to take down all of these previously posted materials that are in violation of our rules," anang Jimenez, na binigyang diin na kasama ang mga malalaking billboards at posters.

"They can't post in places that are not in common poster areas. But for the



most part, a lot of places don't have as many posters as they used to be. For the most part, attached to poster areas, billboards, not too many streamers are evident. This is something they have to be more careful about in the coming days," dagdag niya.

"While I say that, the supporters might gear up to increase the number of posters of their candidates. But that's going to be problematic. Because Comelec will have a takedown operation for illegally posted materials."

